# FACT SHEET: Transit

## Proyekto ng Capitol Expressway Light Rail

### Paglalarawan ng Proyekto

Babaguhin ng Capitol Expressway Transit Improvement Project ang Capitol Expressway at gagawin isang multi-modal boulevard na magbibigay daan sa bus rapid transit (BRT), light rail transit, at ligtas na koneksiyon sa transit system sa rehiyon. Kasama sa proyekto ang mga sumusunod na bahagi:

**Phase 1A**

Kasama ang pagpapaganda para sa mga pedestrian at mga bus sa kahabaan ng Capitol Express¬ na madadaanan ng mga pedestrian at nagpapahusay ng kaligtasan. Ang bahaging ito ay natapos noong Fall 2012 at kasama dito ang mga bagong sidewalk, ilaw sa kalye, at landscaping sa pagitan ng sidewalk at kalsada mula sa Capitol Avenue hanggang Quimby Road.



*Bahagi 1 –Mga Pangkaligtasang Pagpapahusay sa Capitol Expressway para sa Naglalakad*

**Phase 1B**

Ang pagpapagawa ng Eastridge Transit Center ay nagsimula noong Agosto 2013 at ang pagsasaayos ay inaasahang tatagal ng 2 taon. Ang pag-aayos ng transit center ay makakatulong sa Bus Rapid Transit (BRT) at kasama ang mga bagong shelter at kagamitan.

Ang **Phase 2** ay magdudugtong ng light rail mula sa Alum Rock Light Rail Station hanggang sa Eastridge Transit Center. Ang light rail ay pangunahing tatakbo sa sentro ng Capitol Expressway na ang istruktura ng riles ay nakataas patawid sa Capitol Avenue, Story Road, at Tully Road. Ang Eastridge extension ay may tatlong istasyon: Story, Ocala, at Eastridge.

### Katayuan ng Proyekto

- Noong Mayo 2005 at noong Agosto 2007, sinertipikahan ng VTA Board of Directors ang Final Environmental Impact Report (EIR), at ang Supplemental EIR, at inaprubahan ang Light Rail Alternative.
- Upang maging eligible for federal funding, ang VTA ay nasa proseso ng paghahanda ng Environmental Impact Statement (isang federal na dokumento) para sa Light Rail Alternative.
- Ang pagsasaayos ng bahagi para sa mga pedestrian ay natapos noong Fall ng 2012 at kasama dito ang mga bagong sidewalk, ilaw sa kalye, at landscaping sa may Capitol Expressway sa pagitan ng Capitol Avenue hanggang Quimby Road.
- Ang pagsasaayos ng Eastridge Transit Center ay nagsimula noong Agosto 2013 at inaasahang matatapos sa Summer ng 2015.

*Ipagpatuloy sa likod*

SANTA CLARA
Valley Transportation Authority







**Providing Transit Solutions for Santa Clara County**

CELR 7/26/13

# Proyekto ng Capitol Expressway Light Rail

## Iskedyul ng Proyekto

| | |
|---|---|
| • Pagkuha ng federal environmental clearance | Unang bahagi ng 2014 |
| • Pagbili ng mga property para sa pagpapaganda ng bus | Nakumpleto na |
| • Konstruksiyon para sa pagpapaganda ng daanan ng pedestrian | Nakumpleto na |
| • Konstruksiyon para sa Eastridge Transit Center | Magsisimula sa Agosto 2013 |
| • Konstruksiyon para sa light rail | Malalaman depende sa pondo |

## Gastos ng Proyekto

Ang halaga ng Bahagi 1 ng Pagpapaganda para sa mga Pedestrian at mga Bus kasama ang Eastridge Transit Center ay tinatayang $60 milyon, kasama ang State funding at isinama sa inaprubahang VTA FY 2012-13 budget. Ang tinatayang kabuuang halaga ng Bahagi 2, ang pinahabang bahagi ng light rail mula sa Alum Rock Transit Center hanggang Eastridge Transit Center ay $310 milyon. Ang proyektong ito ay kasama sa 2000 Measure A Transit Improvements Program.

## Paano Makipag-ugnayan sa Amin

Kung ikaw ay may anumang katanungan tungkol sa Capitol Expressway Light Rail Project, pakitawagan ang Community Outreach Department ng VTA sa (408) 321-7575, TTY para sa mga may kapansanan sa pandinig (408) 321-2330. Maaari rin ninyo kaming bisitahin sa web sa *www.vta.org*, o mag-email sa amin sa *community.outreach@vta.org*.




***Ang Misyon ng VTA:*** *Ang VTA ay nagbibigay ng katagu-taguyod, madaling puntahan, makabagong nakapokus sa komunidad na pagpipiliang transportasyon na makabago, may malasakit sa kapaligiran, at magtataguyod sa katibayan ng ating rehiyon.*